



Tinutulungan Kang Manatiling Ligtas at Handa Sakaling May Pangkaligtasang Pagkawala ng Kuryente

Impormasyon at mga Mapagkukunan ng Bisita mula sa Pacific Gas and Electric Company (PG&E)

Para mapanatiling ligtas ang ating mga komunidad, gumagamit ang PG&E ng mga makabagong pangkaligtasang kasangkapan na nakakakatulong sa pagpigil sa mga sunog. Ang mga kasangkapang ito ay maaaring magdulot ng mga pansamantalang pagkawala ng kuryente, pinaka-malamang na mangyayari mula Hunyo hanggang Nobyembre.

PUBLIC SAFETY POWER SHUTOFFS (PSPS)

Bilang panghuling paraan, maaaring maagap na papatayin ang kuryente para makatulong sa pagpigil sa mga sunog kapag napakataas ang panganib. Dahil ito sa kumbinasyon ng malalakas na hangin, mababang halumigmig at nanunuyong pananim.

Paunang aabisuhan ang iyong host, at makikita ang pinabagong impormasyon sa aming website at social media. Alamin ang higit pa sa pge.com/psps.

TINUTULUNGAN KANG MAGHANDA

> Bago ang isang Pagkawala ng Kuryente

- Makipag-ugnayan sa iyong host para malaman ang tungkol sa kanilang plano sa emergency at mga mapagkukunan na meron sila sa site para sa mga bisita, tulad ng mga flashlight at portable na charger.
- Panatilihing naka-charge ang mga device at isulat ang mga numero ng telepono na maaaring kakailanganin ninyo sa emergency.
- Sa panahon ng iyong pagbisita, mag-sign up para makatanggap ng mga abiso ng PSPS para sa mga pagtanggap mo sa pge.com/addressalerts.

> Sa Panahon ng Pagkawala ng Kuryente

- Tawagan ang **211**, i-text ang "PSPS" sa **211-211** o bumisita sa **211.org** para maging konektado 24/7 sa mga lokal na mapagkukunan tulad ng pagkain, matutuluyan at transportasyon.
- Hanapin ang Community Resource Centers para sa mga pangunahing suplay, Wi-Fi, mga charging station at mga banyo na madaling gamitin ng ADA sa pge.com/crc.
- Maghanap ng mga pamalit ng pagkain sa pge.com/pspsresources.

ENHANCED POWERLINE SAFETY SETTINGS (EPSS)

Kapag mataas ang panganib ng sunog, maaaring paganahin ng PG&E ang teknolohiyang EPSS, na nagbibigay-daan sa mga linya ng kuryente na awtomatikong papatayin ang kuryente sa loob ng one-tenth ng segundo kung may problema na maaaring magiging sanhi ng pagsiklab.

Ibahahagi namin ang mga update sa aming website at sa iyong host sa panahon ng hindi planadong pangkaligtasang pagkawala ng kuryente. Alamin ang higit pa sa pge.com/epss.

Para makahanap ng mas maraming mga mapagkukunan at suporta para sa mga bisita, bisitahin ang pge.com/wildfiresafety.



Para sa isinaling suporta sa 240+ na wika, tumawag sa PG&E sa **1-866-743-6589**.